

CHAPTER *One*

*R*iz could not believe it. Sino ang mag-aakala na pagkatapos ng halos apat na buwan ng paghahanap kay Maru ay makikita niya ito sa isa sa mga pinakamataas na building na iyon sa Ayala Avenue sa Makati?

Ayon sa nakalkal niyang social media account na nakapangalan dito, presidente raw ito ng isang kompanyang nag-oopisina roon. Hindi niya iyon pinaniwalaan nang una, pero naisip niyang baka nga totoo iyon since ultimo display picture ng account na iyon ay ang logo ng nasabing kompanya.

She could not help but wonder kung paano iyon nangyari gayung ang alam niya ay isa lang dating OFW ang lalaking pinakasalan niya.

Nagpalinga-linga siya pagkalabas ng elevator sa twelfth floor ng building. Sinabi ng receptionist sa ibaba ay okupado ng *Lorecarl Industries Philippines Incorporated* o *LIP Inc.* ang buong palapag na iyon kaya kailangan lang niyang hanapin kung alin sa mga silid doon ang mismong opisina ng presidente ng kompanya.

Sinapo niyang sandali ang dibdib habang nakatayo sa pasilyo. Sa totoo lang ay mas hindi niya maipaliwanag ang nararamdaman niya ngayon kaysa noong unang pagkakataon na magkikita sila ni Maru nang personal. Siguro ay dahil wala naman siyang ina-anticipate na kung ano noon samantalang ngayon ay maraming tanong sa isip niya na hindi niya alam kung paano nito sasagutin.

Nagkakilala sila a year ago at naging magkaibigan through social media. Gamit ang username na *Hopeless Romantic*, malambing at may pag-aalala ang mga mensahe nito kaya mabilis nitong nakuha ang loob niya. Parang bigla siyang nagkaroon ng dahilan na mag-isip ng tungkol sa kanyang kinabukasan dahil dito.

Ikalawang linggo ng pakikipag-chat nito sa kanya nang sabihin nito na 'Maru' talaga ang nickname nito, galing sa buo nitong pangalan na Marco Antonio Ruiz. Nagsimula na rin silang

magkausap noon through video call. Hindi masasabing guwapo ito, pero hindi na rin masama. Ang mahalaga lang sa kanya noon ay binata ito, at least, ayon sa sinabi nito na pinaniwalaan naman ni Riz. Halos gabi-gabi itong nakikipag-chat sa kanya na siguro ay hindi nito magagawa kung may-asawa na ito o kahit girlfriend man lang.

Hindi nagtagal at niligawan siya ng lalaki. Hindi rin nagtagal ay sinagot niya ito. Hindi niya inasahan pero may magandang ibinunga sa kanya ang pagkakapasok sa virtual relationship na iyon.

Bigla ay hindi na siya mayabangan ng pinsan niyang si Myra na inakong boyfriend ang anak ng barangay captain sa kanilang lugar. Hindi na rin siya masabihan ng asawa ng tiyahin na mahinang klase siya dahil nakatapos nga siya ng Computer Science, pero clerk lang sa munisipyo ang kinabagsakan niya. Nasa abroad nga naman ang boyfriend niya at kumikita ng dolyar.

“Pero huwag kang pakakatiwala sa lalaking ’yon. Hindi mo talaga ’yon kilala,” sabi minsan ng tiyahin niyang si Merlita. Kung pakikinggan ay mukha itong nagmamalasaakit, pero ang totoo ay pangdi-discourage ang tunay na pakay nito. Kinupkop lang siya nito nang naulila siya dahil sa pension ng namayapa niyang ina. Ngunit nang matigil ang

pension pagtungtong niya sa tamang edad ay parang kalat na lang sa bahay ang tingin nito at ng pamilya nito sa kanya.

Kaya nga napilitan siyang sagpangin ang trabahong hindi tugma sa napag-aralan niya. Gusto na rin kasi niyang makalayo na sa poder ni Tiya Merlita. Iyon nga lang, sa tuwing sinusubukan niyang gawin iyon ay sinusumbatan siya ng tiyahin. Wala raw siyang utang na loob at nagmamalaki na porque't kumikita na. Kaya para wala itong masabi ay hindi na lang niya iyon itinutuloy.

“Hi, Ma’am, good afternoon po.”

Naputol ang pagmumuni-muni si Riz nang marinig iyon. Akala niya ay siya ang binati ng empleyada sa mesang malapit lang sa kinatatayuan niya, subalit hindi pala kundi ang payat pero matangkad na babaeng dumaan sa harap niya.

“Good afternoon. Is he busy?” tanong nito sa bumati.

“Hindi po. Pumasok na lang po kayo.”

Umiindayog ang balakang na tinungo ng babae ang pinto sa bandang dulo ng hallway habang humugot naman ng malalim na paghinga si Riz bago lumapit sa naiwan.

“Ah, excuse me,” simula niya.

Nag-angat ng tingin mula sa monitor ng kaharap

na computer ang babae. “Yes, ano po ’yon?”

“Itatanong ko lang sana kung saan ang opisina ni Maru.” Hindi nalingid sa kanya ang paggalaw ng mga kilay nito nang marinig ang tanong niya. “Si Marco Antonio Ruiz ang tinutukoy ko,” paglilinaw niya.

“May kailangan po kayo sa kanya?” tanong nito.

“Oo, siyempre,” aniyang tumango.

“May appointment po ba kayo?”

“Wala pero... hindi na kailangan ’yon. Ako ang asawa niya.”

Nanlaki ang mga mata ng babae, pero saglit lang at nag-iba ang reaction sa mukha nito. Parang gusto nitong matawa nang tingnan nito ang kaopisina sa kalapit na mesa.

Obviously ay hindi ito naniwala sa sinabi niya kaya naglabas ng prweba si Riz. “Heto, oh.” Idinuhol niya sa harap nito ang wallet na dinukot sa kipkip na bag. “Nandito’ng wedding picture namin. Hindi pa lang niya ako naipapakilala sa inyo kasi... biglaan ’yung pagpapakasal namin. Pero ako talaga ang asawa niya. Ako si Mariz Sulayao Ruiz.”

Tiningnan ng babae ang picture. Pati ang nasa kabilang mesa ay tumayo para usyosohin iyon.

“Ma’am, baka po naliligaw kayo,” pagkuwa’y sabi ng huling lumapit. “Baka po sa ibang floor nag-o-office ’yung taong hinahanap n’yo, hindi dito.”

“Hindi ba... dito ang opisina ng *Lorecarl Industries?*”

“Dito nga po.”

“At si Maru ang president ng kompanyang ’yon?”

“Opo, pero imposible po ’yung sinasabi n’yo.”

Lumington ito sa pintong pinasukan ng matangkad na babae. “Nakita n’yo ’yung babaeng pumasok doon? Iyon po ang fiancée ni Mr. Ruiz. Magpapakasal pa lang po sila kaya hindi pa po nakakasal si Sir Maru.”

Umalingawngaw sa pandinig ni Riz ang sinabing iyon ng kausap. Para siyang itinulos niyon sa kinatatayuan.



Kuyom ang mga kamao na nagpalakad-lakad sa harap ng building si Riz. Nanlalamig ang mga kamay niya at nanginginig ang kanyang katawan. Hindi siya makapaniwala pero malinaw ang sinabi ng mga empleyadang nakausap niya. Fiancée ni Maru ang matangkad na babaeng nakita niya. Iyon ba ang dahilan kung bakit bigla na lang nawala ang lalaki sa mismong unang gabi ng kasal nila?

Six months ago ay umuwi ng Pilipinas si Maru. Six months na rin noon ang relasyon nila. Hindi niya makakalimutan ang hitsura ni Merlita, ng asawa’t anak nito nang humarap sa mga ito ang lalaki, lalo

na nang sabihin ni Maru na magpapakasal sila. Sa harap mismo ng mga kapoder niya ay nag-propose ito na siyempre ay agad niyang tinanggap.

Mahal naman na niya ito kahit noong virtual pa lang ang relasyon nila at mas minahal niya ito dahil ipinakita nito na handa itong iahon siya sa kinasasadlakan. Ngayong bubuo na siya ng sariling pamilya ay may rason na siya para tuluyang makahiwalay sa poder ng tiyahin.

Sa madaling salita ay nakasal nga sila. Although sa huwes lang iyon ay masaya naman si Riz sa naging seremonya. Nagpunta sila sa isang beach sa Ilocos para sa kanilang honeymoon, pero sa unang gabi ng pagiging mag-asawa nila ay biglang nawala si Maru matapos makatanggap ng mga tawag sa cellphone.

May nagsabi sa kanya na nakita itong sumakay sa pampasaherong bus na paluwas ng Manila kaya alam niyang walang masamang nangyari rito. Sinadya lang talaga nitong iwan siya roon. Kung bakit ay hindi niya alam at iyon ang gusto niyang alamin kaya hinanap niya ito.

At ngayon nga, pagkatapos ng ilang buwan ng paghahanap ay nalaman niya na magpapakasal ito sa ibang babae. Puwede ba nitong gawin iyon gayung kasal ito sa kanya?

Siyempre, hindi. Labag iyon sa batas at kung

nakakalimutan nito iyon ay dapat nito iyong ma-realize.



Matapos ang ilang minutong pag-iisip ay nakapagpasya si Riz na bumalik sa opisina ng pinanggalingan. Malaki na rin ang nagagastos niya at maraming oras na ang sinayang niya sa paghahanap sa naglaho niyang asawa kaya hindi siya puwedeng umatras ngayong napakalapit na niya rito.

Nagkubli muna siya sa malaking pillar habang nag-iisip kung paano niya masalisihan ang dalawang empleyadang nauna niyang nakausap. Naisip kasi niya na kapag nakita siya ng mga iyon ay malamang na hindi siya hahayaan ng mga itong makalapit sa opisina ni Maru.

Mayamaya ay may isa pang empleyadang lumapit sa mga ito.

“Liza, ano’ng ginawa mo sa photocopy machine, bakit ayaw gumana?” sita niyon sa isa.

Agad na tumayo ang tinawag. “Okay naman ’yon kanina, ah.”

“Ayaw na ngang gumana. Kahit tingnan mo pa.”

Nabuhayan ng loob si Riz nang lumakad palayo ang babae kasama ng nagrereklamo. Dahan-dahan siyang lumabas sa pinagkukublihan. Suwerteng abala ang iba pang employees sa kani-kanilang ginagawa

kaya walang nakapansin sa kanya hanggang sa makalapit siya sa pinto na pinasukan ng matangkad na babae kanina. Sa labas niyon ay nakapaskil ang *Office of the President* kaya nasiguro niyang iyon na nga ang opisina ng runaway husband niya.

Pinihit niya ang doorknob. Bahagya pa lang umaawang ang pinto ay nakita agad niya kung ano ang kasalukuyang nagaganap sa loob. Ang babaeng pumasok doon kanina at ang lalaking naroon; magkakandong ang mga ito sa sofa at... maalab na naghahalikan!

Para siyang sinuntok sa dibdib, dahilan para mapaatras siya. Naghimutok agad ang loob niya, kumuyom ng mahigpit ang kamao na parang gusto niyang manapak ng tao. Agad din siyang bumalik sa nakaawang na pinto para iparamdam ang presensya niya, pero kasabay niyon ay nakarinig siya ng pagtunog ng cellphone mula sa loob.

“It’s Galo,” sabi ng babaeng naroon. “He’s at the lobby and gusto raw niya akong makausap.”

“Bakit hindi siya umakyat dito?” anang lalaki sa mahinang boses na sapat lang para maulinigan ni Riz. Nakatalikod ito kaya hindi niya nakikita ang mukha nito.

“I don’t know. Maybe he’s in a hurry. Alam mo naman ang pinsan kong ’yon, palaging busy. Mabuti

nga't pinagbigyan niya ako when I asked him to get our CENOMAR from the NSO. Iyon siguro ang ibibigay niya sa akin kaya niya ako pinapababa. I'll just get it, okay? Para mai-file na natin sa city hall and so we can go on with the preparations for our wedding.”

Nasilip ni Riz na minsan pang inihugpong ng babae ang mga labi sa bibig ng lalaki bago nito binitbit ang purse at lumabas. Tumalikod siya habang padaan ito. Nang makalagpas ito ay saka siya bumalik sa pinto.

Nag-iisa na sa loob ang lalaki kaya hindi na niya pinigilan ang silakbo ng galit. Nakaharap ito sa glass window, pero naramdaman nito ang pagpasok niya.

“You forgot something, honey?” tanong nito, sabay harap.

“Honey mo mukha mo!” angil ni Riz saka agad na pinaigkas ang kamay. Wala siyang pakialam sa puwedeng maging resulta ng ginawa niya. Ang importante sa kanya ay mailabas niya ang galit na nararamdaman nang oras na iyon.

Sa lakas ng pagkakasampal niya ay bumiling ang mukha ng lalaki. Gulat pero matalim ang mga mata nito nang tumingin sa kanya. Napaatras siya at napalunok nang magtama ang kanilang mga mata.

Saka siya napabulalas. “S-sino ka?”

CHAPTER *Two*

Dahil hindi niya nabistahan ang mukha ng lalaki nang sumisilip pa lang siya ay hindi nakita ni Riz na napakalayo pala ng hitsura nito kay Maru. Halos kasing-taas ito ng asawa niya, kasing-katawan pero pagdating sa mukha ay walang dudang walang panama ang lalaking pinakasalan niya sa kaharap niya ngayon.

“I should be the one asking that question,” sabi ng lalaki. “Who are you and why did you slap me?”

Napasapo siya sa dibdib. “P-pasensya na, nagkamali yata ako ng pinasukang opisina. Ang akala ko... dito ang opisina ng asawa ko.”

“You thought this is your husband’s office and I am your husband kaya sinampal mo ’ko nang ganun

na lang?”

“Sorry talaga. S’abi kasi, dito daw...” Natigilan siya nang mahagip ng paningin ang nameplate sa ibabaw ng malaking mesa sa isang panig ng silid na iyon. “S-sandali....” Dahan-dahan niya iyong nilapitan. “Kung ganoon, hindi ako nagkakamali...”

Napakunot-noo ang lalaki.

“Dito nga.” Pinadaanan niya ng haplos ang kapisrasong fiberglass na kinaiimprentahan ng pangalang ‘Marco Antonio Ruiz, president.’ “Ito nga ang office niya.” Binalingan niya muli ang lalaki. “Tauhan ka ba niya?”

Mas dumiin ang pagsasalubong ng mga kilay nito habang iba naman ang nabuong conclusion sa isip ni Riz. Kung fiancée ni Maru ang babaeng naroon kanina, ibig sabihin ay pinagtataksilan nito ang lalaki. Nakita niya kung paano itong makipaghalikan sa kaharap niya. At narinig din niya na nag-usap ang mga ito tungkol sa kasal.

Parang gusto niyang matawa. Sa ginawa sa kanya ni Maru ay deserved nito ang lokohin din ng iba. Gayunman ay wala siyang pakialam sa issue nito. May sarili siyang agenda sa pagpunta roon.

“Nasaan siya?” tanong uli niya.

“Sino ba’ng hinahanap mo?” balik ng lalaki.

Iniangat niya ang nameplate saka ibinagsak.

“Ang walanghiyang si Marco Antonio Ruiz!”

Umiling-iling ito. “Miss, whoever you are, I don’t know you and I don’t know what you’re talking about, kaya ang mabuti pa lumabas ka na bago pa ako tumawag ng guard.” Gumawi ito sa pinto at hinawakan ang doorknob.

“Hindi ako aalis nang hindi ko nakakausap ang asawa ko!” matigas na sabi niya na pumigil dito.

Humarap muli ang lalaki. “Sino ba talaga’ng hinahanap mo? Ang asawa mo o si Marco Antonio Ruiz?”

“Si Marco Antonio Ruiz ay ang asawa ko,” may diin na paglilinao niya.

Lalong naningkit ang mga mata nito. “What did you say?”

“Asawa ko ang walanghiyang lalaking iyon. Kaya sabihin mo na sa akin kung nasaan siya. Kailangan ko siyang makausap.”

“Miss... or Misis... I don’t know what you’re up to, but what you’re saying is... impossible.”

“Anong impossible?”

“Hindi puwedeng asawa mo si Marco Antonio Ruiz dahil *ako* si Marco Antonio Ruiz!”

“Ano?” Ang mga kilay naman ni Riz ang nagsalubong. “Impossible. A-asawa ko si Marco Antonio Ruiz.”

Lumapit ang lalaki. “Look at me,” anitong halos iduldol sa kanya ang mukha. “Look straight at me and tell me, ako ba ang asawa mo?”

Umatras siya dahil kung hindi ay magkakatamaan sila ng mga mukha. Sa sobrang lapit nga nito sa kanya ay nalanghap niya ang hininga nito. Presko iyon, amoy morning breeze at napapikit siya sandali. Nang magmulat siya ng mga mata ay ang pointy nose nito ang unang napuntirya ng paningin niya. Kasunod ay ang mapula at nakaumbok nitong mga labi na hindi karaniwan sa mga lalaki, pagkatapos ay ang bilugan at expressive nitong mga mata.

Pero ang higit na nakapagpatameme sa kanya ay ang sharp edges ng jaw nito na inadornohan ng papatubong balahibo. Lalaking-lalaki ang dating at kahit siguro sino ay hindi maikakaila ang lakas ng appeal nito.

“Ano? May resemblance ba kami ng asawa mo kahit konti?”

Umahon ang di-maipaliwanag na kaba sa dibdib ni Riz. Bukod sa mabango nitong hininga, nalanghap din niya ang masculine scent ng obviously ay mamahaling perfume na gamit ng lalaki at ewan kung bakit parang may kung anong init siyang naramdaman na sumisingaw mula sa katawan nito at bumabalot sa kanya.

Riz, ano ba? sita niya sa sarili saka sinikap na makaigtad palayo.

Napakapit siya sa shelf na nadikitan niya. Hindi pa siya nakakaisip ng kung anong sasabihin nang biglang bumukas ang pinto ng opisina at pumasok ang matangkad na babae. Nagulat pa siya nang ibalabag niyon ang pinto pasara.

“What is the meaning of this, Maru?” mariin nitong sita sa lalaki habang ipinapaypay ang hawak na papel. Nakaguhit sa mukha nitong balot ng makeup ang galit. Pero narinig ni Riz ang pangalang binanggit nito na ibig sabihin ay nagsasabi ng totoo ang lalaking nagki-claim na ito si Marco Antonio Ruiz.

“What?” tanong ng lalaki na hindi pa nakaka-recover sa inis.

“This!” Muling ipinaypay ng babae ang papel na sa higpit ng pagkakahawak ay nalulukot na. “Ito ’yung lumabas nang ikuha tayo ni Galo ng CENOMAR. Do you know what this is? Marriage certificate!”

“Whose marriage certificate is that?”

Sarcastic ang maikling pagtawa na pinakawalan ng babae. “Of course it’s not mine because I’ve never been married. How about you, Maru?”

Nagkunot-noo muli ang lalaki. “I’ve never been

married also, you know that.”

“Then, sino itong Marco Antonio Ruiz na nakapangalan dito?” gigil na tanong nito saka inihampas ang papel sa dibdib ng fiancé.

Curious na tiningnan nito iyon. “It’s... it’s not me,” anito pagkaraan.

“Not you? Isn’t Marco Antonio Ruiz your name?”

“Camryn, hon, come on. My name is... common. Kapangalan ko lang ito.”

“Aren’t you the son of Lorelie Cruz and Carlos Ruiz? Isn’t June 16, 1987 your birthdate and San Juan your birthplace, ha?”

Muling sinipat ni Maru ang papel habang napatutop naman sa bibig si Riz. Ang mga detalyeng sinabi ng babae ay siya ring personal details ng lalaking pinakasalan niya. Mas lumalim pa ngayon ang pagtataka niya.

“Honey, I swear it’s not me...” Puno na ng pagkalito ang mukha ng lalaki.

“Then who the hell is that Marco Antonio Ruiz? Posibleng may kapangalan ka, but it’s way too impossible na kaparehas mo rin iyon ng magulang, ng birthday at birthplace.” Nagtatagis ang mga ngipin ni Camryn habang sinasabi iyon. “Tell me, Maru. What is happening here?”

Muling kumilos si Riz. Hindi siya aware na may

vase sa side piece na malapit sa kanya at gumiwang iyon nang mabangga niya. Lumikha iyon ng ingay, dahilan para mapansin na siya ng nanggagalaiting babae.

“And who is she?” tanong nito sa fiancé.

Napatingin din sa kanya ang lalaki. Sa naniningkit na mga mata at nalilitong isip ay sinagot nito ang tanong ng nobya. “She’s.... I... I guess... she’s.... my wife?”



Kung puwede lang ay gusto ni Riz na lumubog sa kinauupuan nang mga sandaling iyon. Hindi iniaalis ni Camryn ang tingin sa kanya at nakakatakot ang talim na nakaguhit sa mukha nito na para bang anumang oras ay sasakmalin siya.

Mabuti na lang at hindi ganoon ang nakikita niya sa lalaki. Siguro nga ay iisa ang tanong na nasa isip nila nang mga sandaling iyon.

Paano ba nangyari ang lahat ng ito?

“How did all of these happen?” tanong ni Camryn habang palipat-lipat ng tingin sa dalawang kaharap.

“Nagsasabi ako ng totoo,” giit ni Riz. “Marco Antonio Ruiz ang pangalan ng asawa ko. Ipinanganak siya n’ung June 16, 1987 sa San Juan. Carlos Ruiz at Lorelie Cruz Ruiz ang pangalan ng parents niya.

Pero...” Tiningnan niya ang lalaki. “...hindi siya ’yon.”

“See?” anito sa nobya. “Siya na mismo ang nagsasabing hindi ako ang asawa niya.”

“Then, how would you explain this?” matigas pa ring tanong ni Camryn na ibinagsak ang kamay sa marriage certificate na nasa center table.

“I... I don’t know.” Litong binalingan nito si Riz. “Saan ba kayo nagkakilala ng sinasabi mong asawa mo?”

“Sa isang... social media site. OFW siya noon sa Qatar. Nang umuwi siya ay nagpakasal kami.”

Umiling-iling ito. “Alam mo, peke ang taong pinakasalan mo. Ako si Marco Antonio Ruiz at ako ang may-ari ng details na nakalagay diyan.” Itinuro nito ang papel.

“Pero imposible. Kompleto sa documents si Maru nang magpakasal kami.”

“Ano’ng malay mo kung fake ang mga ’yon?”

Si Riz naman ang umiling. “Hindi, hindi niya gagawin ’yon sa ’kin...”

“How can you be so sure? Ginawa na nga.”

Nainis na ang sosyal na babae sa pagtatalo ng dalawa. “I can’t take this anymore.” Dinampot nito ang katabing purse saka tumayo.

“Honey...”

“Don’t call me ‘honey’, Maru. The wedding is off until maipaliwanag mo sa akin ang lahat ng ito. I’m leaving.” Padaskol itong lumakad palabas.

“Hon, come on!” Nagtangkang humabol ang lalaki, pero itinaas ni Camryn ang kamay bilang sign na hindi ito magpapapigil.

Mabilis ding isinukbit ni Riz ang kanyang mga dala-dalahan saka sumunod sa lumabas na babae. Nagulat pa ang lalaki nang dumaan siya sa harap nito.



Kung sila ay ang details na nakalagay sa marriage certificate ang pinagtalunan, ang kaibigan ni Maru na si Vince ay mas pinagtuunan ng pansin ang mga pirma ng mga taong naroon ang pangalan. Abogado si Vince at head ng legal department ng *LIP Inc.*

“This looks exactly like your signature,” tukoy nito sa pirma sa ibabaw ng pangalang Marco Antonio Ruiz.

“I didn’t sign any marriage certificate. Forged ang pirmang iyan,” depensa niya.

“Whoever did this ay magaling siyang mameke ng pirma. Kung sa bagay, napakadali naman talagang gayahin ng pirma mo. Pero paano bang nangyari ito?”

“I don’t know.” Nagpalakad-lakad siya sa loob ng

opisina. “Basta na lang dumating ang babaeng iyon dito, sinabing asawa niya ako, at the same time hindi daw ako ang asawa niya. She even slapped me. And then, dumating si Camryn dala ang papel na ’yan. She was expecting a certificate of no marriage from NSO, pero iyan ang dinala sa kanya ng pinsan niyang binigyan niya ng authorization para mag-asikaso ng papers namin para sa kasal.”

Muling tiningnan ni Vince ang mga detalye sa certificate. “Mariz Benitez Sulayao. Parents both deceased, Birthplace: Solana, Cagayan Valley. Birthdate: March 11, 1992. You’re five years older than her.”

Umikot ang mga mata ni Maru kasabay ng pagbuga ng buntong-hininga.

“Ano’ng hitsura niya?”

“Not that bad. Mukhang probinsyana pero... maganda rin naman.”

“And where is she now?”

“Magkasunod silang umalis ni Camryn.”

“Pare, hindi mo siya dapat hinayaang umalis.”

“At bakit?” Naglalubong ulit ang mga kilay niya.

“According to this marriage certificate, you were married four months ago. I don’t know, pero ’yung munisipyo kung saan sila ikinasal ay medyo mabilis kumilos. Normally, ang mga ganitong papeles

ay matagal-tagal din bago maipasa ang kopya sa *National Statistics Office* dito sa Manila. Pero ito, sandali pa lang ay nasa NSO na.”

“So?”

“Bro, nasa government agency na ito. Your signature here may be forged, but this copy is authenticated. Meaning, this already is a public document.”

“What are you trying to point out?”

“Technically, you are a married man now. You cannot marry Camryn or any other woman because that would mean you are committing bigamy since you are already married to...” Sinulyapan nitong muli ang hawak na papel. “...this certain Mariz Sulayao. Kaya hindi mo siya dapat hinayaang umalis.”

“At anong gusto mong gawin ko sa kanya?”

“Look, we do not have any idea kung sino ang gumamit ng identity mo. Kung may isang tao na nakakaalam niyon, iyon ay ’yung babaeng iyon. Para mapatunayan mo na hindi ikaw ang nagpakasal sa kanya at ito ay isang kaso ng identity theft, kakailanganin mo siya.”

Dahil sa pagkalito ay hindi agad naisip iyon ni Maru kanina, pero ngayon ay nakukuha na niya ang ibig ipakahulugan ni Vince. Napahagod siya sa

mukha. Saan niya hahagilapin ngayon ang babae?



Samantala, hindi alam ni Riz kung gaano katagal siyang umiyak habang nakaupo sa isang waiting shed. Ilang tao rin ang nakapansin sa kanya roon at ilang beses din siyang pinarahan ng mga dumadaang pampasaherong SUV, pero lahat ay hindi niya inintindi. Parang nagbalik lang siya sa huwisyong nang mapansin niya na madilim na ang paligid.

Sino ba naman kasi ang hindi mawawala sa sarili sa mga nangyari? Buo ang paniniwala niya na ang lalaking pinakasalan niya ang makakaharap sa opisang pinuntahan. Akala niya ay malilinawan na niya ang lahat ng tanong sa isip kapag nakapagpaliwanag ito kung bakit iniwan siya sa mismong honeymoon nila. Pero mas lalo lang pala siyang maguguluhan. Ang masama pa, ngayon ay hindi niya alam kung saan siya pupunta.

Binitbit niya ang mga dala. Wala siyang choice kundi humanap ng hotel na puwedeng pagpalipasan ng gabi. Alam niyang kailangan niyang makapagpahinga para makapag-isip kung ano ang susunod na dapat niyang gawin.

Pero hindi pa siya gaanong nakakalayo nang mapahinto siya sa paglalakad dahil sa lalaking humarang sa dadaanan niya. Maliit lang iyon

pero mukhang hindi pahuhuli nang buhay kaya kinabahan siya.

Hinigpitan niya ang pagkakaipit ng kanyang shoulder bag sa kanyang kilikili. Nandoon ang lahat ng perang baon niya sa pagluwas pati na rin ang kanyang ATM card at ilang identifications.

Lumihis siya ng daan paiwas sa lalaki saka binilisan ang paglalakad.

Kahit laking-probinsya, hindi lingid sa kanya na maraming masasamang tao na nagkukubli sa mga sulok ng Kamaynilaan. Mahirap nang mabiktima siya ng isa sa mga iyon dahil wala siyang kakilala roon at wala siyang mahihingan ng tulong kung anu't anuman.

Nakahinga siya nang maluwag nang lumingon at hindi na makita ang lalaki. Pero nang muli siyang humarap ay gayun na lang ang gulat niya nang bumangga siya sa mismong iniawasan.

Hindi niya alam kung paano itong napunta sa harapan niya. At lalo pa siyang kinabahan nang makita ang makislap na bagay na hawak nito.

CHAPTER *Three*

*N*anuyo ang lalamunan ni Riz nang matiyak na balisong ang hawak ng lalaki. “Alam mo na kung ano’ng kailangan ko, hindi ba, Miss Beautiful?” anito, sabay pitik sa upos ng sigarilyong kakatapos lang hithitin.

Nanginginig man ang katawan ay sinikap niyang umatras.

“Kung ako sa iyo, hindi na lang ako kikilos,” babala nito. Muli siyang napalunok nang minsan pa ay kumislap ang hawak nitong patalim. Sa higit pang takot ay napapikit na lang siya at hindi na nga nakatinag sa kinatatayuan nang mas dikitan pa siya ng lalaki. “Holdap ’to. Ibigay mo sa akin ’yang bag mo,” sabi nito.

Walanghiya ka, Maru! Kapag may nangyaring masama sa akin, hinding-hindi kita mapapatawad, aniya sa isip na ang itinutukoy ay ang lalaking pinakasalan niya. Naramdaman niya na hinawakan ng hold-upper ang strap ng bag niya. Gusto niyang humingi ng saklolo, pero para siyang binusalan sa bibig.

Nang mula kung saan ay biglang may nagsalita.

“Get your hands off her!”

Napadilat si Riz. Sabay silang napabaling ng hold-upper sa pinanggalingan niyon. Kahit bahagyang natatakpan ng anino ng signage sa katapat na building ang mukha ng nagsalita ay nakilala niya ito; ang Maru sa pinanggalingan niyang opisina.

“Uy, may gustong magpakabayani,” sabi ng hold-upper.

Humakbang si Maru nang nakatingin kay Riz. “Lumayo ka sa kanya,” utos nito sa babae.

“Sa tingin mo hahayaan ko ’yan?” Muling hinablot ng lalaki ang bag ni Riz. Tila nakahugot naman siya ng lakas ng loob kaya hindi niya iyon binitiwang. Nag-agawan sila doon pero dahil malakas ang lalaki ay dinadaig niyon ang puwersa niya.

Doon na kumilos si Maru. “I said, get your hands off her!” anito saka sinugod ng suntok ang hold-

upper. Napaatras iyon pero agad ding naka-recover at iniumang ang patalim.

“M-mag-iingat ka,” paalala ni Riz. Napatili siya nang iwasiwas ng lalaki ang hawak na armas. Nakailag naman si Maru, pero kinulang ang igtad nito kaya nahagip pa rin ng dulo ng patalim ang punong braso nito. Kitang-kita niya nang mawarat ang sleeve ng coat nito at mabasa iyon ng pulang likido.

Gayun na lang ang pagngangalit ng loob niya. Mahigpit niyang hinawakan ang kanyang bag at hindi na iniisip pa kung ano ang puwedeng mangyari sa kanya. “Walanghiya ka! Ang laki mong tao hindi ka magtrabaho nang matino!” gigil na gigil na sigaw niya habang hinahampas ng bag ang hold-upper. Sa kakasalag ay hindi ito makasingit. Hanggang sa makuha na nila ang pansin ng mga tao sa di-kalayuan, gayun din ng nagpapatrolyang mga barangay tanod. Nang makarinig ng sunod-sunod na pito ay nagtatakbo palayo ang hold-upper.

“Hoy, bumalik ka rito, hindi pa ’ko tapos sa iyo! Ipapalamon ko sa iyo itong bag ko na gusto mong kunin, sira-ulo ka!” habol ni Riz.

Gulat na napatitig si Maru sa nagtatatarang na babae. Hindi ito makapaniwala sa tapang na ipinapakita ni Riz gayung kanina lang ay halos

himatayin siya sa takot.

Nang tuluyang mawala sa paningin ang hold-upper ay binalingan ni Riz ang lalaki. “Okay ka lang?” Sinapo niya ang nagdudugong punong-braso nito. “Nasugatan ka.”

“Daplis la ’to,” anito. Pero ngayong wala na ang kalaban ay saka nito naramdaman ang kirot ng sugat kaya sinapo rin nito iyon. Dahil nakahawak doon si Riz ay sa ibabaw ng kamay niya lumapat ang palad nito. Nagkatinginan sila dahil doon.

“Ah, s-salamat. Kung hindi ka dumating... baka kung ano na’ng nangyari sa akin,” aniya, sabay bawi ng kamay.

“Mukhang okay lang naman kahit hindi ako dumating,” sabi ng lalaki saka napangiti. “Sa sobrang tapang mo, walang magagawa sa iyo ’yung sira-ulong iyon.”



Matapos magamot ang sugat sa isang clinic ay tumuloy sa presinto sina Maru at Riz. Maghahating-gabi na nang matapos sila sa pagbibigay ng statement sa mga pulis tungkol sa nangyari.

“Uhm... pasensya na talaga, ha,” paumanhin muli ng babae pagkalabas nila sa presinto. “Nasaktan ka dahil sa akin.”

Kibit-balikat ang isinagot ng lalaki.

“At... pasensya na rin sa nangyari doon sa opisina mo. Ang akala ko kasi talaga ikaw ang asawa ko.” Nagtungo siya sandali ng ulo bago nagpatuloy, “Tutuloy na ’ko. Salamat na lang ulit.”

“Wait,” pigil nito nang tumalikod siya. “Puwede ko bang malaman kung saan ka nakatira? Actually, hinanap talaga kita. Mabuti at hindi ka pa masyadong nakakalayo kaya nakita kita agad.”

Bagaman hindi nagtanong, nasa mukha ni Riz ang pagtataka kung bakit hinanap siya nito.

“Look, I am about to marry my fiancée. Hindi pupuwede ’yon kung ganitong nasa records na kasal ako sa iyo. Kailangang mapatunayan kong ninakaw lang ang identity ko ng lalaking nagpakasal sa iyo at para magawa iyon, I guess, kakailanganin kita,” paliwanag nito.

“Sa probinsya ako nakatira, eh,” sabi niya. “Lumuwas lang ako rito n’ung nakita ko ’yung account mo dahil akala ko nga... ikaw siya.”

“At babalik ka na ba doon?”

Malalim na buntong-hininga ang hinugot ni Riz saka muling naglayo ng tingin.



Muntik nang mapabulalas si Riz nang bumaha ang liwanag sa sala ng condo unit ni Maru nang buksan ng lalaki ang ilaw. Napahanga kasi siya agad

sa ganda niyon. Doon niya napatunayan na talaga ngang may-sinasabi sa buhay ang tunay na Marco Antonio Ruiz.

Kinumbinsi siya ng lalaki na sumama muna rito dahil wala naman siyang tiyak na tutuluyan sa Manila. Hindi rin niya kinontra ang sinabi nito na kailangan siya para mapatunayan na hindi talaga ito ang asawa niya. After all, wala itong kinalaman sa mga ginawa ng lalaking pinakasalan niya.

“Doon ang bedroom.” Itinuro ni Maru ang isang pinto. “Magpahinga ka na muna. Bukas na natin pag-usapan ang... mga dapat nating pag-usapan.”

“Dito na lang ako matutulog,” nag-aalangan na tanggi niya, sabay sulyap sa leather upholstered sofa roon.

“Are you sure?”

“Oo naman. Ayaw kong makaistorbo sa iyo.”

“Ikaw ang bahala. Anyway, isa lang ang banyo rito at nandoon ’yon sa room ko. Hindi ko ila-lock ’yung pinto para makapasok ka, in case you need to use the comfort room.”

“Sige, salamat.” Tumango siya at sinundan ng tingin ang lalaki nang pumasok ito sa kuwarto.

Sa simula ay gustong ma-turn off ni Riz dahil hindi man lang ito nag-insist na siya ang patulugin sa kuwarto. Dapat lang sana iyon since bisita siya

nito. Pero sinaway niya ang sarili. Pasalamat nga siya na dumating si Maru para iligtas siya sa hold-upper sa kabila ng eksenang ginawa niya sa opisina nito.

Kung tutuusin nga, dapat ay magalit ito sa kanya dahil nagkagalit ito at ang fiancée nito dahil sa kanya. Besides, dapat na rin niyang pasalamatan na nagtiwala itong patuluyin siya sa condo unit nito kahit hindi sila talaga magkilala.

Naupo siya sa sofa saka isa-isang kinalas ang butones ng suot na blouse. Long-sleeved iyon na pinalooban pa niya ng lady sando kaya naman init na init na siya kanina pa. Para siyang nakawala sa pagkakasakal nang mahubad iyon.

Sunod niyang tinanggal ang pagkakatali ng mahaba niyang buhok. Parang naginhawaan din ang ulo niya nang lumugay iyon. Minasahe niya ang anit na nanakit na sa matagal ding pagkakabatak, pagkatapos ay hinawi ang kanyang buhok papunta sa kanyang likuran saka minasahe rin niya ang batok at balikat niya. Nakapikit siya habang ginagawa iyon kaya hindi niya namalayan na nakatingin sa kanya si Maru na lumabas uli ng kuwarto.

Habang pinagmamasdan siya, naglimayon ang isipan nito.

“N-nandiyan ka pala.”

Napaunat sa kinatatayuan ang lalaki. Dahil

sa kung anu-anong pumasok sa isip ay hindi nito namalayan na nakatingin na rito si Riz.

“I... just need to get something from the kitchen,” anitong itinuro ang gawi ng kusina saka agad sanang tutungo roon. Pero napansin nito ang hawak, na siyang talagang dahilan kung bakit ito lumabas uli ng kuwarto. “Ah, dinalhan nga pala kita nitong... blanket.”

“Naku, hindi ka na dapat nag-abala. May baon akong towel.” Yumuko siya para damputin ang bag na nasa paanan niya. Gawa niyon ay lumaylay ang neckline ng sando niya at kahit sandali lang iyon ay sapat na para mas mabistahan ng lalaki ang bukana ng kanyang dibdib.

“Baka ginawin ka. Hindi ka kayang protektahan ng towel sa lamig.” Iniabot nito sa kanya ang kumot.

“Salamat. Hayaan mo, lalabhan ko ’to bago ko ibalik sa iyo.”

Tumango si Maru pero dahil sa mga naunang pumasok sa isip ay nakaramdam ito ng awkwardness. “Ah, sige, papasok na ’ko sa room.” Tumalikod na ito pero napahinto sa tapat ng pinto ng kuwarto nang muling magsalita si Riz.

“Akala ko may kukunin ka sa kitchen?”

“Ah... oo nga pala.” Tumungo ito sa kusina. Natanaw pa ng babae ang paglinga-linga nito na

animo ay may hinahanap doon bago mayamaya ay kumuha ng isang beer in can sa refrigerator. Ipinakita pa nito iyon sa kanya nang bumalik. “Pampaantok. Mahirap kasing matulog kapag ganitong... mainit ang gabi.”

Napataas ang isang kilay ni Riz, pero hindi na siya nagsalita nang tumuloy na sa kuwarto ang lalaki. Ipinagtaka niya na binigyan siya nito ng kumot dahil anito ay giginawin siya, ngunit kumuha ito ng beer bilang pampaantok dahil hirap itong makatulog gawa ng mainit na gabi.

Ano ba talaga? hindi tuloy niya naiwasang itanong sa sarili.



Samantala, nang nasa silid na si Maru ay marahas siyang napabuga ng hangin, Naalala niya ang ginawang panood kay Riz na minamasahe ang sarili nito. Lalabas sana siya ng silid para ibigay rito ang kumot nang mapansin niya ang hitsura nito.

This must be a very long day for her, sa loob-loob ng lalaki. Hindi sinasadyang napagtuunan niya ng pansin ang lady sando na suot ng babae. Hindi naman iyon masikip, pero humahakab iyon sa dibdib nito na tila iminumuwestra talaga ang hubog niyon.

At ewan kung bakit naisip bigla ni Maru na

paano kaya kung siya ang nagmamasaha sa batok, sa leeg at balikat ni Riz? Paano kung sa tuwing ihahagis nito ang buhok papunta sa likuran ay tumatama iyon sa kanyang mukha?

Mabango kaya ang buhok nito? Makinis kaya ang leeg at balikat nito? Paano kung habang minamasaha niya ang balikat nito ay biglang mapababa ang kamay niya at hindi sinasadyang makarating sa dibdib nito? How would she react?

Dalawa lang ang puwedeng maging reaction ni Riz sakaling mangyari iyon. Puwedeng magalit ito, pero malamang ay hindi. In the first place, hindi ito magpapamasaha sa kanya kung ikakagalit nito ang ganoon. Baka nga magustuhan pa nito iyon.

Ipinilig ni Maru ang kanyang ulo. Ano ba ang nangyayari sa kanya at tila naakit yata siya sa babaeng asawa kuno niya?



Air-conditioned ang condo unit ni Maru, pero nagising si Riz nang madaling-araw dahil naiinitan siya. Mahigit twenty-four hours na kasi siyang hindi nakakaligo. Mahaba ang biniyahe niya paluwas ng Manila at nanlalagkit na ang pakiramdam niya sa kanyang sarili.

Anong oras kaya siya nagigising? tahimik na tanong niyang ang nasa isip ay si Maru. Puwede

kaya siyang maligo sa banyo nito bago ito magising?

Sumilip siya sa kuwarto at naaninag niya na mahimbing itong natutulog sa kama. Mabilis siyang bumalik sa sofa para kumuha sa mga dala-dalahan niya ng tuwalya at mapagbibihisang mga damit. Sa bathroom sana siya agad tutuloy pagkapasok sa kuwarto, pero nag-alala siya na baka biglang magising ang lalaki kaya nilapitan muna niya ito para alamin kung gaano ito kahimbing.

Napangiti siya nang mapagmasdan ito habang nakadapa sa kama. Para kasing napaka-peaceful ng tulog nito. Hindi ito naghihilik at ang tanging maririnig dito ay ang paghinga.

Gumalaw nang bahagya ang kilay niya nang maaninag na wala itong suot na upper garment. Natatakpan ng kumot ang ibabang bahagi ng katawan nito from waist down kaya hindi niya alam kung ano ang suot nitong pang-ibaba.

Eh, ano'ng pakialam mo doon? aniya sa sarili. Gayunman ay hindi niya naawat ang mga mata na hagurin pa ito ng tingin. Unti-unti nang nasasanay sa dilim ng kuwartong iyon ang paningin niya kaya mas malinaw na niya itong naaaninag. Nabibistahan na niya ang features ng mukha nito. Ang matangos nitong ilong, mga matang kahit nakapikit ay parang nang-aakit at mga labing hindi maiiwasang itanong

sa sarili kung gaano kaya kasarap humalik.

Ang guwapo ng asawa ko, nangingiting sabi niya sa sarili. Pero agad din siyang natauhan. Kasal lang siya sa identity nito at hindi rito mismo. Ipinilig ni Riz ang ulo saka tutuloy na sana sa banyo nang biglang kumilos ang lalaki.

“Hon?” paungol na sabi nito at inabot ang braso niya. Napatili siya nang tumihaya ito ng higa at hilahin siya sa ibabaw nito. “I knew it. Talagang hindi mo ’ko matitiis. Mami-miss mo agad ako, at ang mga halik ko,” anito at sa labis niyang pagkabigla ay inapuhap nito ang mga labi niya.